# DE LA SALLE UNIVERSITY

*ANG NOBELANG EL FILIBUSTERISMO SA FILIPINO;*

ISANG EKSPERIMENTAL NA PAGSASALIN

*ISANG DISERTASYON*
*NA INIHARAP SA*
*GRADWADONG ARALIN*
*NG KOLEHIYO NG MALALAYANG SINING*
*PAMANTASANG DE LA SALLE*

*SA PAGSASAKATUPARAN*
*NG MGA PANGANGAILANGAN PARA SA*
*DOCTOR OF ARTS AND LITERATURE*

*NI*

*MARIA STELLA S. VALDEZ*
*DISYEMBRE 15, 1998*

AKLATANG EMILIO AGUINALDO · INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University Dasmariñas, Cavite, Philippines
Since 1977

# DE LA SALLE UNIVERSITY

*MGA TALA NG NILALAMAN*


PASASALAMAT 1

TSAPTER 1
- A. Kahalagahan ng Pag-aaral 2
- B. Layunin ng Pag-aaral 3
- C. Mga Sakop at Limitasyon ng Pag-aaral 4
- D. Mga Hakbang na Ginamit sa Pag-eevalweyt at Pagsasalin 5
- E. Mga Kaugnay na Aralin 7
- F. Teoretikal na Pundasyon na Ginamit sa Pagsasalin 7

TSAPTER 2
- A. Mga Tala Mula sa Nagsalin 10
- B. Ang Salin ng *El Filibusterismo* 15
- C. Anotasyon ng Pagsasalin 424

TSAPTER 3
Validasyon ng Mga Asampsyon at ng Ginawang Salin 442

TSAPTER 4
Diskusyon ng mga Resulta ng Servey 450

TSAPTER 5
Rekomendasyon 452


AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas, Cavite, Philippines • Since 1977 • Dasmariñas

| | |
|---|---|
| BIBLIYOGAPIYA | 454 |
| APENDIX A | 455 |
| APENDIX B | 566 |
| APENDIX C | 570 |
| APENDIX D | 578 |
| APENDIX E | 580 |


AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

## TSAPTER IV
## DISKUSYON NG MGA RESULTA NG SERVEY

Inaasahan ng nagservey, gaya ng naging asumpsyon nito, na mahihirapan nang basahin ng mga estudyante ang isang salin ng nobela na tatlumpung taon nang naisulat, dala ng pagbabago sa mga aspeto ng wikang Filipino, gaya ng kahulugan at/o partikular ng mga istruktura. Gayunpaman, kahit na kaunti lamang ang naging respondent sa ikaapat na servey, may mga lumitaw na obserbasyon na hindi inaasahan ng nagsalin. Una: inaasahan ng nagservey na dahil pinili ng estudyante ang unang salin bilang salin na kanyang naiintindihan, pipiliin na din ng estudyanteng ito ang unang salin bilang salin na kanyang mas gusto. Sa lumabas sa pretest na ito, maliwanag na mas naiintindihan ng mga estudyante ang unang salin (54% at 64%), pero halos maghati ang mga estudyante sa pagpili sa salin na kanilang mas gusto. Hindi ba't lohikal na isipin na mas gugustuhin nila ang salin na kanilang mas naiintindihan? Baso sa mga binilugang mga salita ng mga estudyante, lumabas ang ilang mga salitang pekyulyar ang pagkakasulat, at may hinala ang nagsalin na malaki ang naging epekto ng ganitong uri ng panghihiram at pagbabaybay sa naging preferens ng mga estudyante, gayong inamin nila na mas naiintindihan nila ang unang salin.

Ikalawa: Mas tolerant ang mga taga Maynila sa ganitong klase ng panghihiram at pagbabaybay kaysa taga Bulacan, na nagpakita ng consistensi sa pagbilog sa mga nasabing salita.

Ikatlo: Ang inaakala ng nagsalin na mga salitang "alam ng nakakarami" gaya ng "delubyo," "sutana," "nabalaho" ay

consistent na binilugan ng mga estudyanteng taga Maynila, at walang respondent na taga Bulacan ang nagbilog sa mga salitang ito.

Base sa mga naobserbahang ito sa ginawang pretest, naging tanong ang dapat na maging pagpapaliwanag ng nagsalin. Mahirap bumuo ng konklusyon base sa maliit na pretest, ngunit nagkaroon ng katanungan ang nagservey: anong varayti ng Filipino ang gagamitin, para tunay itong masabing "makabago," kung may partikular na preferens ang mga nagbabasa nito batay sa kanilang pinanggalingang lugar? May pahiwatig na may ibang dahilan kung bakit mas gusto ng mga estudyante ang ikalawang salin, gayong sinabi nila na mas naiintindihan nila ang unang salin. May pahiwatig na naging matagumpay ang unang salin dahil ito ang mas naintindihan ng mga nagbasang estudyante - natupad ng salin ang tuntunin ni Nida na kailangang maunawaan ng target na mambabasa ang salin ginawa. Gayunpaman, wala sa mga batayan ni Nida ang makakasagot kung bakit, sa pretest na ito, halos gusto ng mga estudyante ang salin na hindi nila naiintindihan. Sa madaling sabi, mali sa pagkakataong ito na sabihin na sapat ang pagkaunawa sa salin para magustuhan ito ng nagbabasa.

Ang tanging pahiwatig (clue) na nakita ng nagsalin ay ang pagbilog ng mga estudyante sa mga salitang"pekyulyar." Sa kasong ito, samakatwid, maaaring may epekto ang ortograpiya at ang naging anyo ng mga salitang ginamit sa pagtanggap ng mga estudyante sa unang salin. Maaaring gamitin dito bilang kaugnay na paliwanag ang naging reaksyon ng mga estudyante at mga guro sa Pamantasang De La Salle nang una nilang mabasa ang ganitong paraan ng pagsulat ng mga hiniram na salita. Dokyumented ang

napakalakas na reaksyon ng mga taga De La Salle tungkol sa nasabing ortograpiya. Gayong makakatulong sa kanilang pagsulat sa Filipino ang bagong ortograpiya, naroon ang pagkiling sa mga nakaugalian nang pag-aadjast kung wala mang maitumbas sa mga hiniram na salita.

## TSAPTER V
## REKOMENDASYON/PAGTATAPOS

Kailangang magkaroon ng mas malaking servey na sisikaping sagutin ang nakitang obserbasyon na ito ng nagsalin. Kailangang masagot ng servey na ito kung bakit halos kasing gusto ng mga estudyante ang lumang salin gayong mas naiintindihan nila ang mas bago. Kailangan ding madiskubre kung naging ganito ang naging resulta ng pretest dahil purpowsiv ang paraan ng pagpili ng mga respondents. Natural na magiging maganda ang servey na ito kung mas malaki ang bilang ng gagamiting respondent, at pag-aaralan na rin ang varyans (pagkakaiba - o pagsusuri sa varyans ANOVA) ng mga sagot ayon sa ilang mga factor na gagamitin gaya ng seks ng respondent, edad, rehiyon na pinanggalingan, eskwelahang papasukan, wikang sinasalita.

Sa huling factor na ito, tiyak na lilitaw ang varyans ng Tagalog sa Maynila at Tagalog sa Bulacan, base sa faynayt na saklaw ng mga salitang pagpipilian, ang mga salitang makikita sa nobelang *El Filibusterismo*.